

Pag-alaga sa isang taong nagkaroon ng pangkalahatang pampamanhid o sedation (pampatulog/pampakalma)

Ako ay naatasang maghatid sa aking kamag-anak o kaibigan pauwi sa kanilang bahay pagkatapos ng kanyang pagpapagamot kung saan binigyan ito ng pampatulog/pampakalma o kinailangang sumailalim sa pamamaraang medikal at binigyan ito ng pangkalahatang pampamanhid.

Ano ang mga dapat kong asahan?

Maaaring makaramdam ang mga pasyenteng binigyan ng gamot na pampatulog o pampamanhid ng bahagyang pagkalito at kawalan ng katatagan pagkatapos ng kanilang pagpapagamot. Mahalagang alalahanin na maaari itong makaapekto sa kanilang pagpapasya kung kaya't hindi sila makakapag-isip ng maayos. Maaari itong magtagal at umabot ng 24 oras, o hanggang sa susunod na araw. Mangyaring alagaan sila sa mga oras na ito.

Kailan ko maaaring sunduin ang aking kaibigan o kamag-anak?

Papayagan lamang sila ng mga tauhan sa ospital na umuwi kapag tuluyan na silang gumaling at nandiyan ka para samahan sila. Dapat ikaw ay mahigit na 18 taong gulang at kailangan silang ihatid sa pamamagitan ng kotse o taxi - mas mainam na huwag gumamit ng pampublikong transportasyon.

Hindi ka nila mabibigyan ng eksaktong oras dahil ang ilang mga pasyente ay mas matagal gumaling kaysa sa iba pagkatapos ng pagpapatulog sa kanila o ng operasyon.

Sasabihan ba ako ng mga dapat kong gawin?

Magbibigay ang mga doktor ng nakasulat na mga tagubilin tungkol sa kung ano ang mga dapat gawin pagkatapos ng kanilang operasyon at kung kailangan nilang uminom ng anumang karagdagang mga gamot.

Mangyaring basahin ang mga tagubiling ito kasama ang iyong kamag-anak o kaibigan at tiyaking sinusunod nila ang mga ito.

Sa kanilang pag-uwi, may numero ng telepono na maaaring tawagan kung mayroon ka o mayroon silang anumang mga alalahanin tungkol sa kanilang pagpapagamot.

Ano ang dapat gawin ng aking kaibigan o kamag-anak sa bahay?

Dapat silang magpahinga upang matulungan silang gumaling nang maayos at matiwasay.

Kung sila ay mahina pa at hindi pa kayang maglakad mag-isa, dapat silang maglakad kasama ka kung kailangan nila at iwasan ang mga hagdan kung maaari.

Dapat silang uminom ng kanilang karaniwang mga gamot maliban kung pinagbawalan sila ng kanilang doktor.

Ano ang hindi nila dapat gawin?

Maaaring hindi sila makapag-isip ng malinaw pagkatapos ng isang pampamanhid o pagkatapos na mabigyan sila ng gamot na pampakalma na aabot hanggang sa 24 oras ang epekto. Sa panahong ito hindi sila dapat:

- mamahala sa mga bata o ibang taong nasa kanilang pangangalaga
- magmaneho ng sasakyan o sumakay ng bisikleta
- magluto o gumamit ng anumang makinarya
- gumawa ng anumang mahahalagang desisyon, kahit na sa palagay nila ay OK lang ang pakiramdam nila
- mag-post ng kahit ano sa social media
- uminom ng alak.

Sinisikap naming tiyaking tumpak at napapanahon ang impormasyon sa polyetong ito, ngunit hindi namin ito magagarantiya. Hindi namin inaasahan na masasagot ng pangkalahatang impormasyon na ito ang lahat ng posibleng tanong mo o na matatalakay nito ang lahat ng maaaring mahalaga para sa iyo. Dapat mong talakayin ang iyong mga desisyon at anumang alalahanin mo sa iyong medikal na team, gamit ang polyetong ito bilang gabay. Hindi dapat ituring na payo ang polyetong ito. Hindi ito maaaring gamitin para sa anumang layuning komersyal o pangnegosyo. Para mabasa ang buong disclaimer, mag-click dito (www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog).

Gawa ang lahat ng pagsasalin ng komunidad ng mga tagasalin ng Translators Without Borders. Sinusuri ang kalidad ng mga pagsasaling ito para masigurong tumpak hangga't maaari ang mga salin, ngunit maaaring magkaroon ng mga hindi tumpak na salin at maling pagpapakahulugan sa ilang impormasyon.

Sabihin mo sa amin kung ano ang palagay mo

Malugod naming tinatanggap ang mga suhestiyon para mapahusay ang leaflet na ito.

Kung mayroon kang komento, paki-email ang mga ito sa:
patientinformation@rcoa.ac.uk

Royal College of Anaesthetists

Churchill House, 35 Red Lion Square, London WC1R 4SG
020 7092 1500

www.rcoa.ac.uk

Unang Edisyon 2018

Ang polyeto o leaflet na ito ay susuriin sa loob ng tatlong taon mula sa araw ng paglathala.

© 2018 Royal College of Anaesthetists

Puwedeng kopyahin ang leaflet na ito para sa paggawa ng mga materyal na impormasyon para sa pasyente. Pakibanggit ang orihinal na pinagkunang ito. Kung gusto mong gumamit ng bahagi ng leaflet na ito sa iba pang publication, magbigay ng nararapat na pagkilala at alisin ang mga logo, brand at mga imahe. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.